

DIVISION OF CITY OF SAN FERNANDO
EDUKASYON SA PAGPAPAKATAO 2

IKA-APAT NA MARKAHANG PAGESUSULIT

Name _____ Date _____ Score _____

1. Piliin ang titik ng pinakatamang sagot at isulat ito sa patlang bago ang bilang

- _____ 1. Ano ang iyong gagawin kung ikaw ay inuubo?
a. takpan ng kamay ang bibig c. pigilan ang ubo
b. takpan ng panyo ang bibig d. humarap sa kamag-aral
- _____ 2. Regalo ng Diyos ang ating katawan, paano natin maipapakita ang ating pasasalamat sa Kanya?
a. alagaan, mahalin at ingatan natin ito c. pabayaang natin ito
b. kumain ng masasarap na pagkain d. magdasal tayo
- _____ 3. Alin sa mga sumusunod ang halimbawa ng personal na gamit?
a. aklat, bag, lapis c. sipilyo, damit panloob, suklay
b. shorts, t-shirt, pantalon d. plato, baso, kutsara
- _____ 4. Alin sa mga sumusunod ang dapat nating kainin?
a. gulay at prutas c. tsokolate at ice cream
b. cake at candy d. softdrinks at chichirya
- _____ 5. Siya ang maaring tumulong sa atin upang mapangalagaan nang lubos ang ating mga ngipin
a. nanay b. dentist c. dental technician d. doctor
- _____ 6. Paano ang wastong pagsisipilyo ng ngipin?
a. sa gilid lamang ng ngipin
b. pataas, pababa at sa paikot-ikot ng mga ngipin
c. sa ibabaw lamang ng ngipin
d. gumamit na lang ng moutwash
- _____ 7. Ano ang pagkain na dapat iwasan upang hindi sumasakit ang ngipin?
a. gatas b. pineapple juice c. tsokolate d. prutas
- _____ 8. Ano ang dapat gawin upang mapanatili ang kaayusan at kagandahan ng ating kapaligiran?
a. magtanim ng halaman
b. huwag pitasin ang mga bulaklak sa pook pasyalan
c. panatilihin ang kalinisan ng kapaligiran
d. lahat ng nabanggit.
- _____ 9. Bilang isang bata, paano ka makakatulong upang pangalagaan ang kalikasan?
a. makipagkaibigan b. mag-aral ng mabuti
b. tumulong sa paglilinis ng paligid c. maging magalang
- _____ 10. Bakit mahalaga ang malinis na paligid?
a. upang maiwasana ang sakit c. upang magandang tingnan
b. upang manalo sa paligsahan d. upang maging sikat sa pamayanan
- _____ 11. Ano ang dapat nating gawin upang mapanatili ang kaayusan sa kapaligiran?
a. magtanim ng halaman c. maglinis ng sariling bakuran
b. gawin ang tamang paghihiwalay ng basura d. lahat ng nabanggit
- _____ 12. Alin ang nagpapakita ng pangangalaga ng hayop?
a. Itabi sila sa pagtulog c. Linisin ang kulungan nila
b. paluin kung nag-iingay d. Pakainin at alagaan
- _____ 13. Ano ang kailangan ng mga hayop upang maging malakas at malusog
a. pagkain, tirahan, bitamina c. laruan, kulungan, buto-buto
b. pagkain, kulungan, laruan d. buto-buto, tirahan, bitamina
- _____ 14. Nakita mo ang isang bata na may tinitirador na ibon sa may puno, ano ang gagawin mo?
a. hindi sila papansinin c. sasawayin sila
b. makikisama sa pagtirador sa ibon d. aakyat ng puno
- _____ 15. Ano ang naibibigay ng hayop sa tao?
a. dumi ng hayop c. pagkain at kasiyahan
b. gastos at kasiyahan d. kalungkutan at abala
- _____ 16. Ano ang kahalagahan ng halaman sa atin?
a. tumutulong sa paglilinis ng hangin c. nagpapaganda ng kapaligiran
b. tumutulong sa pagpigil ng mga baha d. lahat ng nabanggit
- _____ 17. Hanggang Lunes lamang ang itinakda ng guro upang tapusin ang paghahalamanan. Anong ugali ang dapat ipakita?
a. kasipagan b. kabaitan c. paggalang d. disiplina
- _____ 18. Magaganda ang bulaklak ng inyong kapitbahay, birthday ng nanay mo at gusto mo siyang bigyan ng bulaklak
a. kumuha agad ng bulaklak c. maghingi sa inyong kapitbahay

- b. putulin ang halaman d. huwag na lang bigyan ng bulaklak ang nanay
- _____ 19. May proyekto kayo sa paaralan na magtanim ng halaman sa bahay pero wala kayong bakanteng lupa. Ano ang iyong gagawin?
- a. Hindi na lang magtatanim c. magdadahilan sa guro na walang bakanteng lupa
- b. sa paso na lang magtatanim d. wala sa nabanggit
- _____ 20. Ano ang dapat gawin kapag nagputol ng matandang puno?
- a. hahayaan na lamang c. Papilitan ng bagong puno
- b. bibili ng mga puno d. ipagbili ang pinutol na puno
- _____ 21. Maraming tao sa department store, nahiwalay ka sa mga magulang mo. Ano ang gagawin mo?
- a. liyak ng malakas c. Makipagkwentuhan sa mga nakakasalubong
- b. tatakbo ako ng tatakbo d. lalapit sa security guard sabihin ko nawawala ako
- _____ 22. Ano ang gagawin mo kapag ikaw ay tumatawid sa daan?
- a. Titingin ako magkabilaan kung may parating na sasakyan bago ako tatawid
- b. Tatawid na lang ako basta basta, hihinto naman mga sasakyan
- c. Magpapatulong ako sa nakakabatang kapatid
- d. hindi na lang ako tatawid
- _____ 23. Naiwan ka sa bahay na mag-isa . May kumakatok at sinabing tiitngnan ang inyong lutuan kung ito ay nasa ayos. Ano ang iyong gagawin?
- a. Papasukin dahil aayusin lang naman ang aming lutuan
- b. sasabihin ko na wala akong pakialam sa kanya
- c. hindi ako magbubukas ng pinto dahil hindi ko siya kilala
- d. papasukin ko siya at aalamin ko kung sino siya
- _____ 24. Natutulog ka isang gabi ng magising ka at nakaamoy ka ng sumog ikaw ay _____
- a. sisigaw na may sunog c. ipagwalang bahala ito
- d. ipagpatuloy ang pagtulog d. lahat ng nabanggit
- _____ 25. Sinabi ng kaibigan mo na kukuha kayo ng bayabas sa kapitbahay na walang paalam.
- a. Hindi sasama dahil mali ito b. Sasama dahil gusto mo ng bayabas
- b. Mag-unahan sa pagkuha ng bayabas d. Isusumbong sila sa baranggay
- _____ 26. Sinabi ng guro na may pagsusulit kayo bukas. Kailangan mag-aral ng liksyon at bawal ang nagongopya. Kinabukasan, nanghihingi sa iyo ng sagot ang katabi mo. Paano mo siya hihindian?
- a. sasabihin sa kanya na mali ang mangopya
- b. sasabihin sa kanya na isusumbong mo siya sa guro
- c. hindi na lang papansinin at kunwari hindi mo siya naririnig
- d. pakopyahin na lang para hindi magalit
- _____ 27. Bakit kailangan sa tao ang may paninindigan sa kanyang mga ginagawa
- a. upang maging bida ka sa samahan
- b. upang mabigyan ng pabuya
- c. upang masabi na matapang ka
- d. upang maraming tao ang magtiwala sa iyo
- _____ 28. Ano ang dapat gamitin sa mga bagay na luma na ngunit maari pang gamitin?
- a. itapon na lamang b. sunugin na lamang
- b. i-recycle upang mapakinabangan c. ibaon sa lupa
- _____ 29. May proyektong ibinigay ang guro sa inyo at sinabi na kailangang maipasa ninyo ito pagkalipas ng dalawang araw. Ano ang gagawin mo?
- a. gagawin ito kahit paano para agad itong matapos
- b. pagtrabauhin ito ng mabilis ngunit maingat upang ito ay maging matibay
- c. Ipagawa ito sa ate upang matapos kaagad
- d. huwag na lang magsumite kung hindi natapos
- _____ 30. Kung maaga moong natapos ang iyong ginagawa, ano ang kabutihan ang iyong nakuha?
- a. nakatipid sa oras sa paggawa c. makapagpahinga ka agad
- c. maari kang makipagkwentuhan d. lahat ng nabanggit

